# Rizal: Tanglaw sa Paglaya

**RONNEL V. TALUSAN**

## Dalawang Pag-ibig

Pasimple niyang iniabot ang papel na iyon sa itinatanging mutya. Masaya nitong tinanggap iyon. Nagagalak habang dahan-dahan iyong binubuklat.

*ikaw ang liwanag at apoy,*
*ang aking tubig at pagdaloy*

Kaswal ang hiwalay nilang pagkakaupo sa magkatapat na upuan sa asotea ng mga Rivera. Malilikot ang kanilang mga tingin. Waring may inaapuhap ang listong tapon ng mga sulyap. Pagkuwa'y iniangat niya, maingat na inilapit ang upuan sa puwesto ng binibini. Napakislot ito, kinabadhan ng munting pangamba sa mukha.

"Baka makita tayo ng Tatang..."

Ngumiti lamang siya. Nagwalambahala.

*ngiti mo'y kislap ng bituin*
*titig mo'y gabing maningning*

Marahan at maingat niyang hinawakan sa baba ang dalaga. Pagkaraa'y masuyong hinaplos ang rosas nitong pisngi. Sumilay ang matamis nitong ngiti sa mga

labi. Nagtama ang kanilang mga mata. Nagtitigan. Mandi'y sinasalamin doon ang banal na damdaming iniiwi ng kanilang mga puso. Pangahas na ginagap niya ang kamay ng minamahal. Napaigtad ngunit hindi ito nakawala sa kaniyang hawak.

*ngunit yakap mo'y nangangamba,*
pisngi mo'y may bahid ng luha

"May suliranin ka?" waring nabanaaag nito sa kaniyang mga mata ang isang bagay na lumiligamgam sa kaniyang puso. "May bumabagabag ba sa iyo?"

Hindi siya makaimik. Nilulunod siya ng isang kapangyarihang hindi niya mapaglabanan.

"May iba na bang itinatangi ang iyong puso?" may balatay iyon ng lungkot.

Malalim ang kaniyang buntong-hinga. "Kasi si Tatang...si Kuya Paciano..." Nabibikig ang kaniyang lalamunan. "Ibig nilang...ibig nilang..."

"Tatalima ka sa kanilang kagustuhan? Hindi mo ba silang puwedeng pahindian?" bigla ang panginginig, paggaralgal ng tinig ng binibini. Tinutop ang dibdib na mistulang umaalon sa sumusunong pangamba.

"Leonor...Kung maaari nga lamang sana'y..."

"Hindi mo sila masusuway." Yumuko ito upang ikubli ang nagbabantang pagdaloy ng luha.

"Para sa atin din ito Leonor..." nagpapaunawa ang kaniyang tinig. "Para sa bayan!"

"Pepe!"

Mahigpit silang nagyakap. Sa isang lambing at init na lalagos sa magkabilang panig man ng daigdig.

*Hangi'y bumubulong ng pagluksa,*
*Umaga'y nagising nang di kusa*

"Hihintayin ko ang iyong pagbabalik."

"Babalik ako para sa iyo...at para sa Inang Bayan!"

## Doktor ng Bayan

Inaayos niya ang manggas ng kaniyang damit habang nakaharap sa munting salamin. Malamlam ang repleksiyon ng anyong ibinabalik ng salamin. Hindi niya matiyak kung mapait ang ngiting nababanaagan niya roon. Ngunit ang kaniyang tindig ay nananatiling matatag. Ang pagtikhim niya'y tinig ng isang pambihirang giting. At ang apoy sa kaniyang dibdib? Nararamdaman niya pa rin ang lagablab niyon.

"Senyor."

Nalagot ang kaniyang paglilimi. Napalingon siya sa pinagmulan ng tinig. Mabilis niyang napagsino ang dumating. Ang madalas niyang bisita at makausap, pagkat siyang utusan at tagapaghatid sa kaniya ng pagkain. At ngayo'y naririto nga ito upang iabot ang kaniyang agahan --- ang kaniyang huling almusal.

"Salamat katoto" aniya, matapos tanggapin ang pinggan ng pagkain.

Ngumiti ang utusan. "Hindi ho ba kayo natatakot Senyor?"

"Walang kinikilalang takot ang pag-ibig sa bayan... sa kalayaan!"

"Hanga po ako sa tapang ninyo," habang hinihimas ang rehas na bakal, "kung bakit ho kasi ang hilig ninyong bumangga sa higante."

"Lalo na kung ang dambuhalang iyan ay

mapambusabos at mapagsamantala!”

“Hindi ko po maarok ang inyong kaisipan,” umiiling nitong pagpapatuloy, “kasi ho’y mangmang naman ako. Kaya nga ho wala naman akong kalaban.”

Tinitigan niya ang binata. Hinintay ang iba pang sasabihin.

“Kayo ho kasi, sobrang matalino, kaya ho, marami kayong kaaway.”

“Katoto, hindi ang karunungan at kamangmangan ang magpapakilala sa atin sa kahulugan ng ating pagiging tao,” Ibinaba niya ang pinggan sa munting mesita. “Sapat na mamalas mo ang kalupitan sa paligid!”

“Hindi po natin sila kaya.”

“Ngunit maaari nating tangkain ang pagbabago,” nilapitan niya ang binata. Nakilaro rin ang kaniyang mga palad sa makalawang na rehas. “Maaari nating supilin ang dahas at pagsasamantala dahil tayo’y may tinig!” dumiin ang kaniyang mga kamay, “at tayo’y hindi mga manhid at bulag!”

“Matalino kayo Senyor. May sinasabi po ang inyong pamilya…” tiningnan nitong saglit sa mata ang kausap, ngunit mabilis din itong binawi sa pagkadama wari ng pagkailang. Tumingin na lamang sa kabuuan ng silid at nagpatuloy, “Isa po kayong doktor. Bakit po hindi na lamang kayo nanggamot at nagsilbi sa inyong mga kababayang dukha at kawawa,” sinundan ng kiming pagyuko, “gaya ko.”

“Kayo nga ang pinaglilingkuran ko. Nanggagamot ako Katoto!”

“Ho? Paano hong…?”

“Ang ginagamot ko, sa buong panahon ng aking buhay, ay ang sakit ng bayan!”

Napamaang ang binata. Naubusan wari ng itutugon. Itinuro na lamang nito ang dalang pagkain. “Kainin na ho ninyo bago lumamig. Malapit na rin po ang oras.”

“Handa na ako.”

“Ipagdarasal ko po kayo. Lagi po namin kayong gugunitain.”

Ngumiti siya. “Salamat.”

Nagpaalam ang binata. Umupo na siya sa munting mesita, sa harap ng mumunting salamin. Tiningnan niyang muli ito. Mistulang isang kisapmata, nabanaag

niya ang larawan ng isang dakila, matagumpay na doktor---na may mapanglaw na anyo.

## Hindi Ako Duwag

Malalim na ang gabi. Tulog na ang maraming bansa sa daigdig. Susubukin niyang ituloy na ang kaniyang isinusulat. Kinamakalawahan, inabot din siya ng madaling-araw bago natapos ang huling kabanata. Nahirapan siyang idetalye at ilahad nang buong husay ang mga tagpo. Pinahihirapan siya ng pagbabanggaan ng kaniyang mga ideya. Pumipintig sa isang bahagi ng kaniyang utak ang pagtutol sa ilang mga pangyayari.

Nagsimula nang kumilos ang kaniyang pluma: *Kabanata 35*. Nakadama siya ng kakaibang kilabot. May kung anong kapangyarihang sumisigid sa kaniyang mga ugat.

Naibalangkas na niya sa isip ang tagpo. *Magarbong-magarbo ang pagdarausan ng piging ---ang dating tahanan ng yumaong Kapitan Tiyago--- na napasakamay ng tusong negosyanteng si Don Timoteo, sa tulong ni Simoun. Kumpleto ang mahahalagang panauhin sa bantog na handaan. Naroon ang mga prominenteng tao sa pamahalaan, sa simbahan, maging sa lipunan. Pinakahuling darating ang bunying Kapitan Heneral na sinasaluduhan ng mga sumisipsip sa dugo ng bayan.*

*Sa Kalye Anloague, di kalayuan sa pinagdarusan ng piging, naroon, alumpihit si Basilio. Urong-sulong sa*

*pabalik-balik na paglalakad. Ginigiyagis ng pangamba sa masasaksihang nakahihindik na kamatayan!*

Bigla siyang natigilan. May kung anong tinig na bumubulong sa kaniyang ulo. *Alisin mo na riyan si Basilio! Duwag si Basilio!* Saglit niyang sinapupo ang noo. Ibig niyang iwaksi ang tinig. Ngunit patuloy itong umuukilkil: *Alisin mo! Alisin mo! Dalhin mo na lamang siya agad sa kumbento!* Marahas niyang tinutop ang magkabilang tainga. Pasubsob na lumapit at sumiksik sa kaniyang munting higaan. Isinuklob niya sa ulo ang unan.

Pagkuwa'y dahan-dahan siyang kumalma. Pinakiramdaman ang sarili. Bumalik sa kaniyang mesita at itinuloy ang pagsusulat.

Mane Thecel Phares

Juan Crisostomo Ibarra

Inapuhap niyang muli sa utak ang balangkas ng mga pangyayari. *Magdurumali sa pagbaba si Simoun mula sa tahanan ni Kapitan Tiyago. Iuutos niya ang mabilis na pagtungo sa Escolta.*

*Magkakagulo ang mga tao sa bulwagan. Sisindakin sila ng lagda ng isang pilibusterong labintatlong taon nang patay! Magkukuro sila sa kahulugan ng gayong nakakikilabot na biro. Patutunayan ni Padre Salvi na iyon nga, tunay ang lagdang iyon ni Ibarra!*

Mabilis, tuloy-tuloy ang daloy ng tinta ng kaniyang panulat. Kakatwa ang kaniyang pakiramdam. Pakiwari niya sa mga sandaling iyon, siya'y nagpipinta at hindi nagsusulat. At mabilis ang hagkis ng mga kulay sa kaniyang pinipintahang lona. Habang unti-unting nabubuo ang isang larawang nagbibigay sa kaniya ng dangal bilang isang manlilikha. Mataos ang paniniwala niyang ang nililika niya'y isang obramaestrang maipagmamalaki niyang ihandog sa bayan.

Ngunit bigla siyang muling natigilan. Nakadama siya ng makapananindig-balahibong ihip ng hangin. Naroon na naman ang tinig! Nakikipagtagisan sa kaniyang utak!

*Huwag mong ilagay diyan si Isagani! Ang duwag at makasariling si Isagani! Sisirain niya ang dakilang layunin para sa kalayaan!*

Nanginginig ang kaniyang kamay. Waring tumakas ang enerhiyang kanina'y mainit na dumadaloy. Ginugupo ba siya ng tinig?

*Isinama mo na sana sina Basilio at Isagani sa mga kabataang ipinabitay kung magiging hadlang lang sila sa kalayaan ng bayan! Ikaw mismo, oo, ikaw man ay isang duwag! Duwag ka! Duwag!*

Sinaklot niya ang kaniyang ulo. Ikinagat nang mariin ang kaniyang mga daliri. Ibig niyang mawala ang tinig. Inumpog niya ang ulo sa mesita. Inulit-ulit iyon. Palakas nang palakas. Nakaramdam siya ng sakit at hapdi. Dinama niya ang noo. Mamasa-masa. Nakita niya ang mapulang bahid sa kaniyang kamay. Tagumpay siya! Nawala ang mapangbuyong tinig!

Itutuloy niya ang huling bahagi ng kabanatang iyon. *Tila isang alamid ang aninong iyon na aagaw sa lampara ng kamatayan. Mabilis na tatalilis at itatapon iyon sa ilog malapit sa Kalye Anloague.*

Bago niya tiniklop ang manuskrito, sa pinakailalim ng huling pahina ay isinulat niya: *Hindi ako duwag!*

## Isang Manunulat

Nakalatag nang lahat sa kaniyang working table ang lahat-lahat ng kaniyang libro, mga babasahin, printed files mula sa internet, mga photocopy mula sa iba't ibang thesis sa mga aklatan, pati ang mga ipina-print niyang pahinang palihim niyang kinuhanan ng pictures mula sa kaniyang cellphone dahil bawal ipa-photocopy, at lahat ng materyales na kaniyang nakalap mula sa matagal na ring pananaliksik tungkol kay Rizal at sa mga nobela nito.

Kaya niya na ba? Ito ang lagi niyang tanong sa sarili. Alam niyang hindi madaling magsulat. Kahit kapirasong tula, mahirap buuin. O kahit iyong maiikling salaysay, kailangan ang oras at mga saliksik bago maisulat. Ito pa kayang pagtatangkaan niyang sulatin?

Tumunog ang kaniyang cellphone. Saglit na naputol ang kaniyang pagbubulay-bulay. Dinampot niya ito at binasa ang mensahe: *Sir, may nakita kong contest sa FB, tungkol sa pagsulat ng dagli at sanaysay. Baka interasado ka pong sumali uli?*

"Salamat. Pag-iisipan ko," reply niya. May kung ano siyang nadama sa kaibuturan ng kaniyang sarili. Nginangatngat siya ng dati ring tanong: *Hindi ka pa ba nagsasawa?* At makadarama muli siya ng panlulupaypay. Totoo naman. Nakaiilang sali na ba siya sa mga

patimpalak sa pagsulat? Hindi na niya mabilang. Ngunit sa isa man ay hindi siya pinalad.

Lahat ng makita niyang mga palihan sa pagsulat, sinisikap niyang daluhan. Nakadalo siya sa ilan, ngunit sa karamihan, hindi. Lagi siyang ginagahol sa oras sa pagsusumite ng kinakailangang papel. Nitong huli, ang plano niya'y kumuha ng kurso sa Malikhaing Pagsulat. Baka sakaling makatulong iyon, sumaloob niya.

Kapag nakakikita siya ng mga paskil at imbitasyon para sa mga akdang nais mailathala, lagi siyang nagpapasa ng kaniyang mga sulat. Ngunit wala ring isa mang positibong tugon. Kaya gayon na lamang ang kaniyang pagdududa sa sarili. Baka hindi talaga siya para sa pagsusulat. Na bagaman talagang hilig niya at masipag naman siyang magbasa at magsaliksik, baka ang pagsusulat naman ang walang hilig sa kaniya.

Ngunit itong huli niyang ideya, pakiramdam niya'y siyang magbibigay sa kaniya ng break. Ibig niyang isipin na ngayon lang talaga siya nakasapul sa paksa ng nais niyang isulat. Una niyang naisip, saliksikin at aralin, saka subuking ituloy ang konsepto ni Rizal sa ikatlo nitong nobela na *Makamisa*.

"Mahirap 'yan brad. Baka kapusin ka sa ideya kung saan mo patutunguhin ang nobela," sabi ng kaibigan niyang propesor na isa ring manunulat, nang una niyang banggitin ang ideya. "Saka, ni hindi niya nga natapos ang nobelang iyon. Wala kang malinaw na tuntungan. Baka magkabuhol-buhol ang ideya mo."

Naniwala siya sa kaniyang kaibigan. Kinalimutan niya na iyon. Ngunit ngayon ay may bago siyang naiisip. At iyon ay mistulang apoy na lumalagablab sa kaniyang utak. Ilang buwan na siyang hindi pinatutulog.

*Paano kung hindi napatay si Elias at napamunuan niya ang lahat ng tulisan at ang naghihimagsik na taong bayan? Paano kung naging matagumpay lahat ng pakikipaglaban ni Kabesang Tales at nakapanghikayat pa siya ng maraming tulisan para sumapi sa kanila? Paano kung nahikayat lahat ni Simoun ang mga estudyante tungo sa armadong pakikibaka? Paano kung hindi nagpakamatay sa paglalason si Simoun at siya'y gumaling mula sa mga tama ng baril? At siya'y makakatakas muli patungong ibang bansa at babalik sa Pilipinas na kasama ang nakalap na iba't ibang lahing pinangakuan niya ng malaking salapi*

*kapalit ang pakikidigma para sa kaniyang panig?*

Buo na ang kaniyang desisyon. Matatag ang kaniyang loob. Pangangahasan niya ito. Ang ikaapat na nobela ni Rizal. Titulo: Nasa Rebolusyon ang Kalayaan. Punto: Magkakaisa ang mga Pilipino sa isang mas malawak at mas matibay na rebolusyong siyang magpapalaya sa bayan. Pababagsakin nila ang mga Kastila. Maitatayo ang isang Pamahalaang Rebolusyunaryo. Hindi na magtatagumpay sa Pilipinas ang iba pang mananakop dahil handa nang mamatay ang lahat ng Pilipino para sa kanilang bayan, sa ngalan ng kalayaan. Mamatamisin nilang malusaw na ang bansang ito kaysa pagpasasaan ng iba't ibang dayuhang mapagsamantala at gahaman!

Sisimulan na niya ang pagsusulat. Bahala na. Plano niyang ipadala iyon sa iba't ibang limbagan sa oras na matapos niya. Ngunit wala na siyang pakialam kung malathala man o hindi. Ituturing niya iyon na isang obramaestrang magsisilbing mga dahong magpapagunita sa bayan, sa isang manunulat na hindi kailanman nakilala.

## Kung Ngayon Magsusulat si Rizal

"Sir, sa tingin ninyo po, kung ngayon nabuhay si Rizal, ano ang susulatin niya?"

Nabigla ako sa tanong ng isa kong estudyante. Ngunit eksakto naman ang pasok niya sa paksa ng aming aralin: Si Rizal at ang kaniyang mga nobela. Natahimik ang buong klase sa tanong ng pinakamarunong sa kanila. Waring lahat ay napaisip.

Mabilis namang nahagip ng diwa ko ang gusto niyang turulin. Kung hindi ko siya kilala, marahil ay mamamali ako sa pagsapul sa ibig niyang buksang talakayan. Ngunit sa halip na sagutin, ibinato ko sa klase ang tanong niya. "May gusto bang sumagot o magbigay ng kaniyang pananaw tungkol sa tanong ni Miss Catambing?"

"Sir, siguro una niyang susulatin ang tungkol sa Martial Law," si Althea ang unang sumagot.

"Siguro po mahihiya nang magsulat ang mga Lualhati Bautista at Jun Cruz Reyes tungkol sa Martial Law," salo ni David.

"Bakit naman?" usisa ng katabing si Jennifer.

"Syempre, pipiryudan na ni Rizal ang lahat ng istorya tungkol sa Martial Law," natawa pa ito nang bahagya.

Napag-isip din ako sa kanila matatalinong sagot. May punto ang kanilang mga sinasabi.

“Maaari nga. Pero ibig sabihin ba, kung sa mga sumunod na panahon nabuhay si Rizal at hindi sa panahon ng Kastila, hindi na makagagawa ng kanilang pangalan sa panitikan ang iba pang mahusay na manunulat?” puwing ni Angelique, isa pa sa mahuhusay sa klaseng iyon.

“Gaya nino? Siguro...” nag-iisip nang mabuti si David, “siguro, makapagsusulat pa rin sila.”

“Gaya nina Amado Hernandez at Lazaro Francisco!” si Andrea, na tinawag ko sa apelyido kanina, ang mabilis na sumagot. “Mahirap sabihing hindi na nila magagawa at masusulat ang kanilang mga nagawa at naisulat porke kapanahon nila si Rizal!”

Napamaang na naman ang klase sa pahayag ng hinahangaang kaklase.

“Tama si Miss Catambing. Si Rizal ay si Rizal. Tiyak na makagagawa pa rin ng kadakilaan at ng mga di matatawarang obra,” sumali na ako sa usapan. “Ngunit hindi ibig sabihin niyo’y hindi na makaiigpaw ang panitik ng iba pang dakilang Pilipino, gaya nga nina Ka Amado at Ka Saro!”

“Mas masaya siguro. Baka maging magbabarkada pa sila!” biro ni David. Natawa rin ang mga kaklase.

“Saka siguro, mas hahaba ang buhay ni Rizal, mas magiging makabuluhan pa siya,” singit ni Hez, habang tinatapik-tapik ang kaniyang upuan. “Kasi nga’y doktor din siya, maunlad na rin ang medicine at technology today,” tahimik kami, hinintay namin ang iba pa niyang sasabihin. “Maaari ring makatuklas siya sa malalalang sakit, gaya ng kanser. Hindi na basta kanser ng lipunan gaya ng sinasabi niya.”

Pumalakpak ang katabi nito. “Bespren ko po iyan!”

Humahanga ako sa klase kong ito. Ngayong semestre, masasabi kong sila ang nahawakan kong seksiyon na pinakamagaling sa asignaturang ito. Ang kurso nila ay BS Med Tech, ngunit pambihira ang kanilang talino pati sa larangan ng panitikan at sa usapin tungkol sa kasaysayan at lipunan. Nagkataon lang kaya na nagkasama-sama sa klaseng ito ang may mga interes sa literatura?

“Siguro po, mas maraming maiimpluwensyahan si Rizal sa larangan ng pagsulat, mas marami siyang makakasalamuha,” nagsalita uli si David. “Baka pati ang

barkadahan ng grupong Agos, maging kadikit niya rin."
"Dami mong knows David! Amazing!" sigaw ng isang kaklase.

"Paano'y isa kong frustrated writer!" sabay halakhak. "Sayang! Baka na-experience ko pang maka-attend sa isa sa mga lecture ni Rizal!"

"Posible," salo ko. "Magaling ka David, ituloy mo pa rin ang pagsusulat kapag may oras ka."

Tumango siya.

"Wala na, lumaki na lalo ulo niya!" buska ng isang kaklase. Tawanan sila. Napatawa na rin ako.

"Kung ngayong panahon nga nabuhay si Rizal, siguro'y may iba namang papalit o gagawa ng mga nagawa niya noong panahon ng Kastila. Gaya nina Marcelo H. Del Pilar, ni Jaena," pagbabalik ni Andrea sa usapan. "O baka si Jacinto o si Bonifacio mismo! Kung maiiba ang kasaysayan!"

Palakpakan ang klase.

"Dapat talaga sa'yo Andrea, nag-abugado ka, gaya ng mga kapatid mo," puri ko sa kaniya.

"Gusto po nila Mommy, magdoktor naman ako e!"

Masaya ang talakayan. Mabunga. Lihim kong pinasasalamatan si Andrea dahil sa ipinukol niyang tanong. Nahikayat ang klase sa kritikal na pag-iisip. Nabatid ko pa ang pambihira nilang husay at talino sa panitikan. Bawat meeting namin ay mayroon akong natutuklasan sa kanila. Tumingin ako sa aking relo. Malapit na pa lang mag-time. Inaayos ko na ang aking mga gamit, "class, itutuloy nalang siguro natin ang discussion next meeting…"

"Sir!" itinaas pa ni David ang kamay, hihirit pa yata. "Kung ngayon nga po nabuhay at magsusulat si Rizal, tiyak na sasapulin ng kaniyang panulat ang Oplan Tokhang!"

Napatingin ang mga kaklase kay David. Sa mata nila, naroon ang paghanga sa isang maharot, ngunit matalinong kaklase.

"Pati ang maraming human rights violations!" habol din ni Andrea.

Sigawan na naman ang namamahangang klase.

"OT! OT!" sigaw ng isang lalaki sa likod.

"Nakahihiya, may susunod nang klaseng gagamit ng room," pagkuwa'y sabi ko. "Sige, next meeting, ihanda

ng bawat grupo, ‘yung grupo na rin ninyo nung huli, ang iba pang mga paksang maaaring talakayin ni Rizal sa kaniyang pagsusulat kung buhay siya sa kasalukuyang panahon.”

“Yes Sir!”

“Ok, dismissed na.”

“Thank you Sir, bye po!”

Nakangiti ko silang minamasdan habang papalabas sa silid na iyon.

ANAK SI RONNEL V. TALUSAN ng magsasaka at taal na taga-San Rafael, Bulacan. Guro siya sa Tanggapan ng Larangan ng Filipino, Instititute of Arts and Sciences sa Far Eastern University – Manila. Produkto siya ng Polytechnic University of the Philippines – Manila. Kasalukuyan siyang gradwadong mag-aaral sa ilalim ng Kolehiyo ng Arte at Literatura sa UP Diliman. Siya ang awtor ng *Talusaling: 100 Dagli ng Buhay*. Maaari siyang makontak sa rtalusan@feu.edu.ph